

# 1

Katok sa pinto ang nakapagpahinto kay Sandy sa ginagawa. Lumapit siya roon at binuksan iyon, kaagad na namutawi ang ngiti sa mga labi niya nang mapagsino ang taong nasa labas.

“Pa, kayo po pala, di pa po ako tapos mag-impake,” aniya, sabay halik sa pisngi ng ama.

Nginitian siya nito bago matamlay na nagsalita. “Hija, marami namang lugar, bakit sa Quezon pa?” Halata ang pag-aalala na lumapit ito sa gilid ng kama ng anak at naupo.

“Pa, di na ho kayo nasanay sa akin. Di ba tuwing may medical mission po ako, pinapayagan ninyo naman ako, mas malalayo pa nga ’yon. Saka, Pa, bahagi po ito ng pagiging doktor ko, ang tulungan ang mga taong maysakit at nangangailangan. Iyon ang gusto ninyo, na maging mabuti akong mamamayan tulad n’yo, hindi ba?” nagmamalaki pang sabi niya. Tumabi siya sa ama at masuyong inakbayan ito.

“Oo nga, Anak, pero di ba p’wedeng sa ibang lugar na lang?” Hindi pa rin nawawala ang pag-aalala sa mukha nito, kahit anong pangungumbinsi ang

kanyang gawin.

“Pa, doon po higit na kailangan ng mga tao ang tulong naming mga doktor. At saka ba’t po kayo natatakot, eh, doon din po kayo nadestino noon bago kayo naging general, di ba? At isa pa, dalawang linggo lang naman kami doon.”

Bumuntong-hininga ito bago muling nagsalita, “Yun na nga ang ikinatatakot ko, Anak. Sa trabaho ko, marami akong nakakalaban, at marami pa rin ang ayaw tumanggap sa nangyari. Baka pag malaman nilang anak kita ay ikaw ang gantiyan nila.”

“Pa, matagal na po ’yon; wala na ’yung mga *NPA* doon ngayon. Kung meron man, di nila ako pakikialaman dahil wala ’yon sa batas nila, ang pumatay ng taong walang kasalanan at saka wala ka namang kasalanan, di ba? Sinusunod n’yo lang ang batas ng gobyerno natin.” Tumayo siya para tapusin ang ginagawa.

“Sige na nga. Hay, nagmana ka talaga sa mama mo, di na mababago ang desisyon.” Itinaas pa nito ang dalawang kamay tanda ng pagsuko.

“Pa, ’wag po kayong matakot. Ako yata si Mary Sandy Dela Fuente, ang anak ni General Leo Dela Fuente.” Sumaludo pa siya sa ama tanda ng

pagmamalaki. “At hindi lang ako nagmana kay Mama, sa ’yo rin,” dugtong niya, sabay ngiti.

Natawa si Leo sa nakitang ginawa ng anak, napailing na lang ito.

“Sige na nga, ikaw talagang bata ka.” Tumayo ito at nilapitan siya. “Sasamahan kayo ng ilang sundalo ko para maging escort ninyo, para maprotektahan kayo. Mag-iingat ka d’on, Anak. Tapusin mo na ’yan ’tapos magpahinga ka na at maaga pa ang lakad ninyo bukas.”

“Thank you, Pa, I love you po. I promise I’ll take care of myself,” aniya at humalik sa pisngi nito.

---

Naayos na ni Sandy ang mga gamit niya at nasa maleta na. Dalawang linggo ang pamamalagi nila sa Quezon at sampu ang kanyang makakasama para sa kanilang medical mission doon bilang mga doktor. Ito ang matagal nang pangarap ng dalaga, ang makatulong sa mga may-sakit at mahihirap. Katulad niya ang ama na naglilingkod din sa bayan para protektahan ang mga nangangailangan. Hindi niya maintindihan kung bakit tumutol ito nang magpaalam siyang sa Quezon ang susunod na misyon niya. Pinili niya ang lugar na iyon, hindi lamang dahil

sa maraming tao ang nangangailangan ng medical assistance kundi roon din nadestino ang ama nang nagsisimula pa lamang itong maging sundalo. Hindi niya alam ang dahilan nito, marahil ay nag-aalala lamang sa kanya.

Nang makababa siya sa living room kasunod ang driver na dala ang di-kalakihang maleta, naghihintay na roon si Sherly. Lumapit ito sa kanya at humalik sa pisngi niya.

Ang babae ang matalik na kaibigan ni Sandy at isa rin itong doktor, ngunit may pagkakalog ito kung minsan. Kilala rin ang pamilya nito sa lipunan.

Naging magkaibigan ang dalawa noong nasa kolehiyo pa lamang sila. Magkaklase sila sa ibang subject, kaya sila naging malapit sa isa't isa. Dahil na rin sa parehong kurso ang kanilang natapos, hindi naputol ang koneksyon nila. Sa pinapasukang trabaho ngayon ay magkasama pa rin sila.

Isang mayamang businessman ang ama ni Sherly. Kahit na sunod sa lahat ng luho ang dalaga ay hindi pa rin ito lumaking materialistic. Katulad ni Sandy, hangad din nitong makatulong sa mga may-sakit lalong-lalo na sa mahihirap na hindi kayang magpagamot sa ospital. Pareho silang may angking

ganda, iyon nga lang ay may kaunting katabaan ito.

Gumanti si Sandy ng halik sa kaibigan bago binalingan ang driver.

“Manong, pakilagay na lang po sa sasakyan ang mga gamit ko, hihintayin ko lang po si Papa na makababa.”

Tumalima si Manong Isko, ang matagal nang driver ng pamilya Dela Fuente. Nang makaalis na ito, saka niya hinarap ang kaibigan.

“Kumain ka na ba?” nakangiting tanong niya. Tumango ito. “Halika muna at magkakape lang ako sa kusina,” yaya niya, sabay hila sa kaibigan.

“Kailangan bang doon tayo pumunta?” tanong nito pagkarating nila sa kusina.

“She, napag-usapan na natin iyan, di ba? Pareho lang kayo ng tanong ni Papa.” Kumuha na rin ito ng tasa para magtimpla ng kape.

Nasanay na si Sandy na hindi na pinagsisilbihan, kahit pa nga marami silang katulong sa kanilang bahay. Sinanay niya ang sariling hindi nakadepende sa mga ito, at kung minsan pa nga, siya mismo ang nag-aayos ng pangangailangan nilang mag-ama.

“Nag-aalangan ka bang pumunta doon?”

“Hindi naman.” Lumapit ito at hinawakan sa braso ang kaibigan. “Pero, Sandy, bakit hindi na lang tayo pumunta sa ibang lugar? Huwag na sa Quezon.”

“She, mas higit na nangangailangan ng tulong natin ang mga tao sa Quezon Province,” paliwanag niya.

“Pero marami daw *NPA* doon. Hay naku, Friend! Wala akong balak maging hostage nila, 'no!” Para pa itong batang humalukipkip sa kanya. Ito ang tawag niya sa kaibigan kung nais nitong makumbinsi siya.

Napatitig siya kay Sherly. “Ikaw talaga! Wala nang *NPA* d'on ngayon. Hindi nila tayo pakikialaman dahil hindi naman tayo ang mga kalaban nila,” seryosong saad niya.

“Eh, delikado pa rin 'yon.”

“Ay naku, She! Kung puro kaligtasan natin ang lagi nating iisipin, paano na iyong mga taong nasa panganib ang buhay dahil sa sakit? Tayo lang ang inaasahan nila. She, ipagkakait pa ba natin 'yon? Para que pang naging doctor tayo, kung hindi rin naman natin gagampanan ang mga responsibilidad na nakaatang sa atin,” mahinahong paliwanag niya.

“Alam ko naman 'yon, Friend, pero maganda rin naman na habang nasa mission tayo ay may oras din

para magsaya, para sa sarili natin.”

“Hmm... ’yon lang pala ang kailangan mo, ang mag-unwind after a day’s work?” nakangiting saad nito.

Ngumiti lang ito nang malawak. Ilang saglit pa’y paalis na ang magkaibigan. Nasa labas na rin si Leo upang makita ang pag-alis ng dalawa.

“Mag-iingat kayo roon. Sandy, kung ano man ang problema, tawagan n’yo ako agad,” bilin nito

“Yes, Pa,” aniya. “Nanay Iseng, ’bye po.” Hinalikan niya ang matandang babae na kanina pa naghihintay sa kanila.

Si Nanay Ising ang nag-alaga kay Sandy simula nang mamatay ang kanyang ina sa isang car accident. Patungo sana ito sa bahay-bakasyunan ng kanilang pamilya, ngunit sa di-inaasahang pangyayari ay nawalan ng preno ang sasakyang minamaneho nito. Nang matagpuan ito ay agaw-buhay na at dahil na rin sa lakas ng pagkabangga nito ay hindi na naagapan pa. Dead on arrival nang dumating ito sa ospital. Magtatatlong taon pa lamang noon si Sandy kaya wala pang alam sa mga nangyari.

Naunawaan ni Sandy ang nangyari sa ina nang siya ay lumalaki na. Kung minsan ay nakakaramdam

*Arms Of Love - Jeralyn Rivera*

---

siya ng inggit sa mga kaklaseng kompleto ang mga magulang, pero tinanggap niya nang maluwa sa kanyang puso na wala na ang kanyang ina at di na ito makakapiling kailanman. Dahil sa sakit ng mga pangyayari, hindi na muli pang nag-asawa ang kanyang ama at itinuon na lamang nito ang oras sa trabaho at sa pagpapalaki sa anak.

Ilang sandali pa'y sumakay na ang magkaibigan sa kotse na maghahatid sa kanila sa meeting place ng mga kasamahan nila sa medical mission.



## 2

Lumapit kay Jeric ang isang lalaking nakasumbbrero at may pasang armas, yumukod ito tanda ng paggalang.

“Sir Jeric, may parating na mga manggagamot sa bayan, at balita rin namin na kasama dito ang anak ni Gen. Dela Fuente.” Nakayuko ito habang nagsasalita.

Nagpanting ang mga tainga at nagtagis ang mga bagang niya nang marinig ang pangalang nabanggit. Tumayo siya mula sa kinauupuang bato, kinuha ang baril at inilagay sa balikat. Tumanaw siya sa malayo, ngunit dama ang galit na namumuo sa kanyang dibdib. Dumating na rin ang panahong kanyang pinakahihintay, ang makapaghiganti sa pamilya ni Leo Dela Fuente. Gagawin niya ang lahat, magawa lamang miserable ang buhay ng pamilya nito, katulad ng pagiging miserable ng buhay nila simula nang mamatay ang kanyang ama na si Rodrigo Sandoval, at lahat ng ito ay kagagawan ng isang Dela Fuente.

“Kelan daw ang dating?” Mababakas ang galit sa kanyang mukha nang muling magsalita; nakatalikod pa rin siya sa kausap.

“Sa makalawa, Kumander,” sagot nito.

Hinarap niya ito at mahinahong nagsalita. “Mabuti. Sige, Ben, ipapatawag na lang kita para sa plano.”

“Siyanga ho pala, Kumander, naririyan ho sa kubo ang kapatid ninyo at hinihintay kayo.”

“Sige, salamat. Pupuntahan ko na siya.”

Nadatnan ni Jeric ang kapatid na nakaupo sa upuang kawayan at nakatanaw sa labas ng bintana, halatang malayo ang iniisip. Pinagmasdan niya ito at nakaramdam siya ng awa rito.

Napansin niyang bahagyang bumagsak ang katawan nito, marahil na rin sa pangangalaga ng naiwang kabuhayan ng kanilang mga magulang. Naisip niyang matagal na pala silang hindi nagkikita at nakapag-uusap ng kanyang nakababatang kapatid. Hindi nito naramdaman ang paglapit niya, kaya tumikhim siya para makuha ang atensyon nito.

“Kuya!” Tumayo si Alice at sabik siyang niyakap nang mahigpit. At sa pagkalas nito, nakita niya ang luhang namumuo sa mga mata nito.

“Kumusta ka na?” masuyong tanong niya. Hinawakan niya ang magkabilang pisngi nito.

Sa halip na sumagot, yumuko ito at hinawakan

ang kamay niya. “Kuya, kelan mo ba titigilan ang lahat ng ito? Na-mi-miss na kita, di ka man lang bumababa ng bayan.” Napahikbi ito.

Binawi ni Jeric ang mga kamay at iginiya ang kapatid sa malapit na upuang naroroon.

“Alice, may inaasikaso lang ako dito sa bundok kaya di ako basta-basta makakauwi,”saad niya.

“Kuya, tigilan mo na ’to! Hindi ito ang gusto ng Papa at Mama para sa atin. Siguro kung nabubuhay lang sila—”

“Alice, napag-usapan na natin ’to, di ba?” Hinawakan niya ang magkabilang balikat ng kausap.

“Pero, Kuya, kailangan kita. Kailangan ka ng mga tauhan natin sa hacienda, lalo na ngayon, anihan na naman.” Tumayo ito at tumalikod.

“Alice, konting tiis na lang, uuwi na rin ako. Aalagaan ko na ang mga naiwang ari-arian ni Papa sa pagbabalik ko. Pero huwag muna ngayon, dahil—”

“Dahil darating ang anak ng taong kinamumuhian mo!” putol nito. “Gan’on ba, Kuya? At pagkatapos, ano? Ano ang mangyayari sa buhay mo kapag natapos mo na ang planong paghihiganti?” Huminga ito nang malalim. “Kung nabubuhay lang sana sina

Papa at Mama, alam kong hindi sila masaya sa mga pinaggagagawa mo, Kuya.” Parang bata itong humihikbi sa harap ng kapatid.

Humugot siya ng hininga bago muling nagsalita.

“Ginagawa ko ito para sa kanila, Alice, para din sa ’yo at sa akin, sa buhay na sinira ng isang Dela Fuente. Kung nasasaktan ka, mas higit lalo ako. Hindi madali para sa akin na magkahiwalay tayo pero kailangan kong gawin. Naiintindihan mo ba iyon?” paliwanag niya sa mahinahong boses.

Labag man sa kalooban ni Alice ang desisyon ng kapatid, wala itong magawa kundi ang ipagdasal na lamang ang kanyang kaligtasan.

Lumapit siya at niyakap ito nang mahigpit. Mabibilang lamang ang pagsasama nilang dalawa, kaya naman nangungulila rin siya rito. At kung anuman ang pagkukulang niya kay Alice, ipinangako niya sa sarili na pupunan niya lahat pagkatapos niyang mapagtagumpayan ang mga plano.

Nakaalis na ang babae at naiwang natutulala si Jeric dahil sa nararamdamang habag sa kapatid. Biglang bumangon ang itinatagong galit at hinagpis sa mukha niya nang maalala ang mapapait at masasakit na sinapit...

*Isang quince años na batang lalaki ang nagbukas ng pinto. Laking pagkabigla niya nang makita at makilala ang isang bulto ng lalaking duguan.*

*“Anak...” sabi nito sa nanghihinang boses.*

*Patakbo siyang lumapit sa kanyang ama. “Papa! Ano po’ng nangyari sa inyo?” umiiyak na sabi niya.*

*Sa murang edad, alam na ni Jeric ang lahat tungkol sa ama. Alam niyang ito ang sumusuporta sa mga NPA sa bundok dahil ito ang laging naririnig niya kapag nagtatalo ang kanyang mga magulang.*

*“Anak si... si Leo Dela Fuente....” huling sambit nito bago malagutan ng hininga.*

*Tumatak ang pangalang nabanggit sa murang isipan ni Jeric ngunit di niya iyon binigyan ng pansin. Ang tanging ginawa niya ay umiyak nang umiyak habang yakap ang wala nang buhay na katawan ng ama.*

---

*Nakatingin lamang si Jeric sa kabaong ng ama. Walang makitang reaksyon sa maamong mukha ng binatilyo, ngunit makikita sa mga mata ang galit at hinagpis sa pagkamatay ng magulang.*

*Naging mabuti itong asawa at ama sa kanilang*

magkapatid. Naging mapagbigay na tao sa kapwa, kaya hindi niya lubos-maisip kung bakit nagawa ito sa kanyang ama ng mga taong walang puso at kaluluwa.

Isa lang ang taong alam niyang gumawa niyon sa kanyang papa, si Major Leo Dela Fuente. Nakatatak na sa puso at isipan niya ang pangalan na iyon, at ipinangakong gagantihan balang-araw ang taong pumatay sa kanyang ama.

Lalo pang tumindi ang sakit na naidulot niyon sa puso ni Jeric nang tatlong araw pa lamang na naililibing ang kanyang ama ay sumunod naman ang kanyang ina. Namatay ito dulot ng labis na kalungkutan at pangungulila sa pagkawala ng kabiyak. At dahil doon, namuhay silang magkapatid sa tulong ng kanyang Ninong Rodolfo, matalik na kaibigan ng kanyang ama, at ng mga taong nagsisilbi sa kanila.

Nakapagtapos siya ng pag-aaral at gayon din ang kanyang kapatid. Sa kabila ng karangyaang tinatamasa, hindi pa rin nawala ang pagnanasa niyang maipaghiganti ang nasirang ama kaya mas pinili niyang tuparin ang ipinangako rito.

---

“Jeric!”

Isang tawag ang nagpabalik sa kanya sa

kasalukuyan. Nilingon niya ang may-ari ng boses. Tumayo siya para harapin ito.

“Ka Emong, kayo ho pala,” bati niya, sabay lapit dito.

“Kanina pa kita hinahanap, dito lang pala kita makikita. Maupo ka at mag-usap tayo,” sabi nito at iminuwestra ang upuang kahoy.

“Ka Emong, malapit ko nang maipaghiganti si Papa sa taong pumatay sa kanya.” Halata pa rin sa mukha niya ang galit. “Kawawang Leo Dela Fuente, walang kaalam-alam sa mangyayari sa anak niya,” ngitngit niya habang binabanggit ang pangalang kinasusuklaman niya.

“Jeric, hanggang ngayon ba nakatatak pa rin sa isip mo ang paghihiganti? Wala ‘yon sa layunin ng isang mandirigma,” mahina ngunit madiin nitong sabi.

“Ka Emong, alam n’yo kung bakit ako pumunta dito at sumali sa grupong ito, di ba?” Nakatanaw pa rin siya sa malayo.

“Jeric, Anak, sisirain mo lang ang buhay mo. Ang ganda ng buhay mo para sirain lang dahil sa paghihiganti. Gamitin mo ang pinag-aralan mo upang maging maayos pa ang lahat ng ‘yon.”

“Matagal nang sira ang buhay ko, Ka Emong, simula nang parehong nawala si Papa at si Mama!” Saglit siyang tumingin sa kausap at muling tumanaw sa malayo, pilit na kinakalma ang sakit na nararamdaman na dulot ng nakaraan. “Magiging maayos lang ang buhay ko kapag naipaghiganti ko na ang ama ko,” patuloy nito.

“Malalaking tao ang kalaban mo, Jeric, mahirap banggain at di mo pa kilala kung sino iyon,” pagpapaalala nito.

Nagtaka ang binata, hindi niya alam kung bakit sinabi iyon ng matandang kaharap. Hindi rin niya maintindihan.

“Ka Emong, ano’ng ibig n’yong sabihin?” takang tanong niya.

“Malalaman mo rin, Jeric, kaya ’wag kang magpadalus-dalos sa desisyon. ’Wag ka ring gumamit ng ibang tao para sa mga hangarin mo dahil baka ito pa ang ikapahamak mo. Hindi lang isang tao ang kalaban mo.”

Napalingingon siya sa kausap. “Hindi ho ako natatakot, Ka Emong. Kahit pader pa siya at langgam lang ako, gagapang ako, mabigyan ko lang ng katarungan ang pagkamatay ng ama ko,” nagtatagis



ang mga bagang na pahayag niya. Ni hindi man lamang nakitaan ng takot sa mga mata.

“Ito lang ang masasabi ko sa ’yo, Anak, at ipaaalala ko sa ’yo ito nang paulit-ulit, siguraduhin mo kung ano ang nasa loob mo. Nasa likod mo lang ako, hindi kita maaaring pabayaang,” anito, sabay hawak sa kanyang balikat.

“Salamat, Ka Emong. Utang ko sa ’yo ang buhay ko.”

Si Ka Emong ang naging sandalan ni Jeric sa lahat ng mga bagay. Ito ang naging pinuno ng mga *NPA* sa lugar na iyon, na naging kaibigang matalik ng kanyang ama at ng kanyang Ninong Rodolfo.

Ito ang mga kasamahan na tinutulungan ng kanyang ama noong nabubuhay pa ito. Sa pagkamatay ng tatay niya, sina Ka Emong at Ninong Rodolfo na ang tumayo at itinuring niyang pangalawang ama.

# 3

Nailapag na ni Sandy ang mga gamit niya na gagamitin sa pag-che-checkup, marami na ring tao sa lugar na gaganapan ng gamutan. Noong nagdaang araw lang sila dumating at tumuloy sila sa bahay ni Kapitan Timong. Mainit ang pagtanggap nito sa kanila, kaya masaya at nagpapasalamat silang lahat dahil dito. May siyam na doktor din siyang kasama, kabilang dito si Sherly, at limang sundalong escort nila, mga tauhan ito ng kanyang ama.

Probinsyang-probinsya ang lugar na iyon at masarap ang simoy ng hangin. Marami na rin siyang napuntahang probinsya dahil sa trabaho niya at masaya siya rito. Naaaliw siya sa magagandang lugar na kagaya nito, lalo na sa mga taong nakakasalamuha nila. Kung may hihilingin man siya sa Diyos, iyon ay ang makatagpo ng lalaking tunay na magmamahal sa kanya at mamahalin niya nang lubos, ang magkaroon siya ng masaya at sariling pamilya.

Natutuwa siya sa mga pasyente, mapa-bata o matanda man ay naaaliw siya.

“Ang ganda mo, Ineng,” bati ng isang lolang susunod na susuriin niya. Hindi nito napigilang hindi

humanga sa dalaga. Ngumiti siya bilang tugon at sa pagngiti niya ay lumabas ang maliit na biloy sa kanyang kanang pisngi.

“Maraming salamat po,” tipid at nahihiyang sabi niya.

Maging kay Sherly ay naaaliw ang mga tao.

Nagtatawanan ang mga ito dahil sa kakulitan ng palabirong doktora lalo na at pulos pagkain ang binabanggit nito.

Nakangiti na napapailing siya sa mga biro ng kaibigan nang di-sinasadyang mapatingin siya sa isang malaking puno ng mangga, sa di-kalayuan sa kanila. Nagtama ang mga paningin nila ng lalaking nakatingin sa kanya. Biglang sumikdo ang kanyang puso; sa unang tingin at sa unang pagkakataon ay nakaramdam siya ng malaking paghanga sa isang estranghero. Superhero ang dating ng pangangatawan nito; tall, dark and handsome, rugged look ito at bagay magdala ng damit. Ngunit sa kabilang banda, nakita niya sa bawat sulok ng mga mata nito ang pakiramdam na puno ng poot at galit.

Hindi alam ni Sandy kung ilang minuto siyang nakipagtitigan sa estranghero sa likod ng punong mangga.

Isang tapik sa balikat ang nakapagpalingon sa kanya, si Sherly ito at may itinatanong pala.

“Sino ba’ng tinitingnan mo at parang natulala ka na diyan?” tanong nito at sinundan pa ng tingin ang tinitingnan niya. “May nakita ka bang kapre sa puno na ’yon at parang nawawala ka sa sarili mo?”

Tiningnan niya uli ang direksyon na iyon; wala na roon ang lalaki.

*Kung kapre man ito, siya na ’ata ang pinakaguwapong kapreng nakita ko, nais niya sanang isatinig ngunit sinaway niya ang sarili.*

“Ha? Ah... wala, may naalala lang ako,” paghagilap niya ng sagot dito. Nagtataka siya kung bakit bigla na lamang nawala ang estranghero; namamalikmata nga lang ba siya?

Natapos ang unang araw nila sa panggagamot, at habang naglalakad pauwi, hindi mawaglit sa isipan ng dalaga ang mukha ng estranghero na nakita sa likod ng malaking puno. At hindi niya maintindihan kung bakit may mumunting pagkasabik sa puso niya at pag-aasam na makita itong muli....

---

Hindi dalawin ng antok si Sandy nang gabing

iyon. Hindi pa rin maalís sa isip niya ang mukha ng lalaking nakita. Minabuti na lamang niyang pumunta muna sa veranda at magpahangin doon. Pilit niyang iwinawaglit ang guwapong estranghero sa kanyang isipan. Mula sa kinatatayuan niya ay may makikitang malaking bahay; semi-bungalow iyon at magandang tingnan. Inaliw na lamang niya ang mga mata sa pagtingin niyon.

“Isa sa pinakamayaman dito sa lugar ang may-ari ng magandang bahay na ’yan, si Rodrigo Sandoval, kilala siya dito at tulad ninyo, isa rin siyang may mabuting puso, matulungin sa mahihirap at sa mga nangangailangan.” Tinig iyon ni Aling Igme, ang mabait na asawa ng kapitan. Nakita nito ang dalaga na mag-isang nagpapahangin sa veranda, kaya nilapitan siya nito.

“Kayo ho pala, Aling Igme. Pasensya na po kayo, nagpapahangin lang po ako. Hindi pa ho kasi ako makatulog.”

“Ito ’yong gatas, ipinagtimpla na kita. Nakita kasi kita dito at nahulaan kong hindi ka nga makatulog, kaya minabuti kong dalhan ka nito,” nakangiting saad nito. Naupo ito sa silyang katabi ng inuupuan niya.

“Marami pong salamat.” Kinuha niya mula rito ang baso ng gatas at nakangiting tiningnan ito.

“Maraming salamat po sa pagtanggap ninyo dito sa amin. Taos-puso po kaming nagpapasalamat sa inyong buong pamilya.”

“Naku! Wala iyon, Hija. Maganda ang layunin ninyo dito sa lugar namin, kami dapat ang magpasalamat sa inyo,” nakangiting turan nito.

Ngumiti siya bilang tugon. Muli niyang ibinalik ang tingin sa magandang bahay.

“Aling Igme, nasaan na po ang may-ari ng bahay na 'yon? Ang ganda ng bahay nila.” Ang bahay na tinutukoy ni Sandy ay nasa itaas ng bundok, kitang-kita ito lalo na sa gabi. Punong-puno ito ng makukulay na ilaw kaya mas nakadaragdag ng ganda sa paningin. Aliw na aliw siyang pagmasdan ito.

Matagal itong hindi nakasagot. Sinundan nito ang tinitingnan niya at malungkot na bumuntong-hininga bago ngumiti nang ubod-pait.

“Matagal nang patay ang may-ari ng bahay na iyan, Hija. Sila ang may pinakamalaking bahagi ng sakahan dito sa buong Quezon at nagmamay-ari ng *Hacienda Sandoval*. Ang nakakalungkot lamang ay noong namatay si Rodrigo, tatlong araw pagkatapos ng libing ay namatay din ang asawa nito. May dalawa silang anak na maagang naulila sa mga magulang.

Dahil rin sa pangyayaring iyon ay marami sa aming mga kababayan ang nagluksa, sapagkat nawalan ng isang napakabuting tao ang aming bayan,” paglalahad nitong may bahid pa rin ng kalungkutan ang mukha. “Sayang talaga si Rodrigo.”

“Ano po ang nangyari sa mga anak nila? Sino po ang nag-alaga sa kanila?”

Hindi ugali ni Sandy ang alamin ang buhay ng ibang tao, ngunit nakaramdan siya ng awa sa mga anak ni Rodrigo. At siguro naiintindihan ng kausap kung bakit itinatanong niya dahil malamang kahit na mismo ang makakarinig ng istorya nito ay ganoon din ang itatanong.

At hindi naman ito nag-alangang sagutin ang tanong niya.

“Dinala ng mga natitirang kamag-anak ni Rodrigo ang mga ito sa Amerika para na rin makalimutan ang nangyari sa mga magulang. Isang taon ang lumipas nang muling bumalik ang dalawang bata at dito na rin ipinagpatuloy ang pag-aaral.

“Nakapagtapos ang panganay nila ng Industrial Engineering at ang bunso naman ay Business Management. Napakabait ng mga taong iyon, sayang lang at maaga silang nawala. Ang dalawang anak na

lamang ng mag-asawang Sandoval ang nagpatuloy sa pamamalakad ng mga ari-ariang iniwan ng mga ito,” mahabang paliwanag nito.

“Gan’on po ba? Napakasaklap naman pala ng nangyari sa pamilya nila,” malungkot ding saad niya.

“Hija, may gusto sana akong sabihin sa ’yo,” pag-iiba nito ng usapan.

Tumango siya bilang tugon.

“Kilala ang iyong ama sa propesyon niya, at hindi lingid sa mga tao dito na ikaw ang nag-iisang anak ni Leo Dela Fuente. Mag-iingat ka sana.”

Nagtaka ang dalaga sa sinabi nito. Simula nang nagdaang araw nang malaman nito kung sino siya, naramdaman niyang parang natatakot ito. Alam niyang nadestino rito noon ang kanyang ama, pero wala siyang alam na naging kaaway nito kaya bakit siya mag-iingat? At kanino?

“Alam ko pong alam ninyo na dito dati nadestino ang papa ko. May nakaaway po ba siya dito?” kunot-noong tanong niya.

“Sa propesyon ng iyong ama, kahit pa nga sabihin natin na ginagampanan lamang niya ang kanyang trabaho, hindi maiiwasang may nasasagasaan pa rin



siyang tao,”seryosong saad nito.

“Aling Igme, may kaugnayan po ba ’yong ikinuwento ninyo sa akin, kaya kailangan kong mag-ingat?”

“Ah... wala. Bakit ka naman magkakaroon ng kaugnayan sa mga Sandoval? Wala iyon, Anak, huwag mo nang isipin.”

Nalilito si Sandy sa sinabing iyon ng matanda, hindi niya alam kung bakit malakas ang pakiramdam niyang may itinatago ito sa kanya. Ngunit wala siyang karapatang pilitin itong sabihin sa kanya kung ayaw nitong magsalita. Itinanggi na lamang niya sa isip ang lahat ng hinala at marahil ay nag-aalala lang din ito sa kanya.

“Basta, Anak, lagi mo itong tatandaan; hanggang nandito ka sa lugar na ito, hindi ka nakakasiguro na ligtas ka dito. Mag-iingat ka sana. Sige na, magpahinga ka na. Mauna na ako sa ‘yo.” Tumayo na ito para maunang pumasok sa loob ng bahay.

Naiintindihan ni Sandy ang ibig sabihin nito, kaya wala siyang magawa kundi sundin na lang ang sinabi ng butihing matanda.

Papasok na sana siya sa kanyang silid nang tumunog ang cellphone niya; si Leo ang tumatawag.

*Arms Of Love - Jeralyn Rivera*

---

Inaasahan na niya iyon; tuwing may medical mission siya sa probinsya ay hindi nakakaligtaan ng ama na tumawag sa kanya.

## 4

Ilang beses na inasam ng dalaga na makitang muli ang estranghero ngunit bigo siya. Kahit minsan, hindi na ito muling nagpakita pa sa kanya. Hindi niya alam kung bakit, ngayon lamang niya ito naramdaman. Ang puso niya ay nag-aasam at nananabik sa isang taong kahit kailan ay hindi pa niya nakikilala at nakita lamang niya nang mabilisan.

Sinaway niya ang kanyang utak sa pag-iisip ukol sa lalaking iyon. Minabuti niyang tumulong sa paghahanda ng agahan. Nagulat pa siya nang magkaroon ng di-inaasahang bisita.

“Aling Igme, may tao po sa labas, si Miss Alice po,” tawag ng kasambahay ng ginang.

“Sige, susunod na ako,” sagot nito.

Ibinaba ni Aling Igme ang mga gamit sa pagluluto at naghugas ito ng kamay.

“Si Alice,” pagbibigay-alam nito sa kanya. “Siya ang bunsong anak ni Rodrigo Sandoval, iyong ikinuwento ko sa ’yo noong nakaraang gabi. Minsan pumupunta siya dito para maghatid ng tulong sa mga tao, dito niya pinaparaan,” paliwanag nito.

“Ah, ganoon po ba? Ang bait po pala talaga niya,” buong paghangang sabi niya.

“Halika, Hija, ipapakilala kita sa kanya. Huwag kang mag-alala, mabait iyon at kasing-bait mo, kaya magkakasundo kayo,” nakangiting pangungumbinsi nito.

Wala na siyang nagawa kundi ang sumunod dito.

“Magandang umaga, Aling Igme. May mga dala po ako, kayo na po ang bahalang mamahagi. Wala po kasi akong magawa, kaya ako na lang po ang nagdala ng mga pagkain,” bati ni Alice pagkakita sa kanila.

“Magandang umaga din sa ’yo, Alice. Naku, maraming salamat! Napakabuti mo talaga, marami na naman ang matutulungan nito,” sabi nito sa dalaga. “Siyanga pala, Hija, siya si Dra. Sandy Dela Fuente, isa siya sa mga doktor na galing sa Maynila. Mayroon silang medical mission dito sa atin,” pagpapakilala nito sa kanila.

Ngumiti siya bilang tugon, ngunit nagtaka siya kung bakit sa mga mata nito ay nakikita niyang may kaunting alinlangan ito sa kanya. Binale-wala niya na lamang at inisip na baka ganito lang siguro ito sa taong di pa nakikilala. Sa unang tingin niya sa babae, mukha itong mabuting tao. At tuluyang nawala ang

pagdududa niya nang ngumiti rin ito sa kanya.

“Hi, I’m Alice Sandoval. Nice to meet you,” nakangiting saad nito, sabay abot ng kamay.

“Hello, I’m Sandy Dela Fuente. Nice to meet you too.” Tinanggap niya ang pakikipagkamay nito.

Nagpaalam si Aling Igme na tatapusin ang mga gawain sa kusina. Iniwan sila nito para makapag-usap.

“Maraming salamat sa pagbisita n’yo rito sa aming bayan, malaking tulong ito sa amin lalo na sa mga taong may mga karamdaman,” saad nito.

“Naku! Wala iyon, ito ang trabaho namin at masaya kami tuwing nakakatulong,” nakangiting sabi niya.

“Totoo nga talaga ang sinasabi nila, napakabuti mo at maganda pa.”

“Salamat,” nahihiyang tugon niya. “Hindi lang naman ako, ikaw nga din. Isa ka sa mga taong inaasahan ng mga kababayan mo dito, napakabuti rin ng iyong puso.”

Hindi maitatanggi ni Sandy na maganda nga ito, hindi lang sa panloob kundi sa panlabas na anyo din. Kasing-tangkad niya ito, ang mukha

nito ay maihalintulad niya sa isang manika, na pinarisan ng maliliit na mata at matangos na ilong. Nagtataglay rin ito ng pino at makinis na kutis, kaya hindi maitatangi na mayaman nga ito. Ngunit ang ipinagtataka niya ay ang nakikitang kalungkutan sa mga mata nito, lalo na nang magpakawala ito ng mapait na ngiti.

“Gan’un din ang kuya ko, kaso nabulag na siya sa galit na naramdaman niya ngayon. Sana makausap ka rin niya para makita niya kung gaano kabuting puso ang meron ka.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?” kunot-noong tanong niya.

“Naku! ’Wag mo nang intindihin iyong sinabi ko, basta from now on, kaibigan na kita, okay,” nakangiting turan nito na muling inilahad ang kamay sa kanya. Nakangiti ring inabot niya iyon.

Alam ni Sandy na may gusto itong ipahiwatig sa kanya. Gusto pa sana niya itong makausap nang matagal, ngunit nahihiya na rin siyang magtanong dito. Umaasam siya na sana bago niya lisanin ang lugar na iyon ay maintindihan niya ang ibig sabihin nito.

Mayamaya pa’y nagpaalam nang uuwi si Alice.

Bago pa maghiwalay ang dalawa ay inimbitahan niya ito na dumalaw sa lugar na pinagdarausan ng gamutan. Nangako ito na pupunta roon kapag nagkaroon ito ng pagkakataon.

Huling araw na ng grupo ni Sandy sa lugar na iyon ng Quezon, kaya naman ang mga kasama niya ay inubos ang oras sa pamamasyal. Pitong araw rin silang namalagi roon. Si Sherly naman ay sumama sa iba pa nilang kasama dahil nandoon din ang kasintahan nito. Siya ay pumunta ng batis upang makapagpahinga at makalanghap ng sariwang hangin.

Naupo siya sa damuhan, inalis ang backpack na nakasukbit sa kanyang balikat at inilagay iyon sa kanyang tabi. Bahagya siyang pumikit at ninamnam ang simoy ng hangin na nagmumula sa batis. Ang puso niya ay muling umasam na sana ay makita niya uli ang estranghero kahit sa huling pagkakataon at sa huling oras na pamamalagi nila sa lugar na iyon.

Mula sa kanyang likuran bigla na lamang may kamay na tumakip sa kanyang bibig. Nagpumiglas siya para makawala rito, ngunit malakas ang taong pangahas. Mayamaya pa'y nawala na siya sa tamang ulirat.

---

Nagising si Sandy sa isang lugar na di-pamilyar sa kanya. Nakahiga siya sa papag. Inikot niya ang paningin; nasa isang silid siya na ang dingding ay kawayan at dinisenyuhan lamang ng pink na kurtina. Inalala niya ang nangyari sa kanya; may kamay na tumakip sa bibig niya, hanggang sa nawalan na siya ng malay, at di na niya alam ang sumunod pang mga pangyayari.

Pinakiramdaman niya ang sarili, wala naman siyang naramdaman na kahit na anong kakaiba o sakit sa katawan. Nakaramdam siya ng kaba, bigla siyang bumangon. Nakiramdam siya sa buong paligid at may naririnig siyang ingay, ngunit sa pandinig niya ay nasa malayo iyon.

Nagulat siya nang biglang bumukas ang pinto at may pumasok na isang matipunong lalaki.

“Mabuti at nagising ka na, ‘eto ang pagkain. Kumain ka muna,” mahina ngunit may pagmamandong sabi nito. Inilapag nito ang pagkain sa mesang kahoy na nasa tagiliran niya.

Nanlaki ang mga mata niya nang makita ang lalaking pumasok, pamilyar sa kanya ang mukha nito, ngunit di niya maalala kung saan ito nakita.

“Sino ka? Nasaan ako? Ano’ng kailangan mo sa



akin?” sunod-sunod na tanong niya, punong-puno ng kaba ang kanyang dibdib.

“Hindi mo na kailangang malaman pa. Isa pa, ang dami mong tanong, hindi ko kayang sagutin lahat! Kumain ka na!” sagot nito sa antipatiko ngunit maawtoridad na tinig.

Tumaas ang kilay ng dalaga. “Papaano akong kakain, kung hindi ko alam kung nasaan ako at kung ano’ng kailangan n’yo sa akin. Malay ko bang may lason pa ang pagkaing ’yan!” Pinaandar niya ang katarayan.

Hindi ito sumagot, inis na nagbuga ito ng hangin.

“Ano ba ang kailangan mo sa akin?” galit na sabi niya.

Tiningnan siya ng lalaki, nagtama ang kanilang mga mata. At sa pagtama niyon, naalala na ni Sandy kung saan niya nakita ang kausap. Ito ang estrangherong inaasam ng puso niyang muling matagpuan! Tulad ng dati ay may galit pa rin na nakikita sa mga mata nito, at hindi niya alam kung para saan at para kanino iyon.

Yumuko ang dalaga. Pilit man niyang tingnan ang magagandang mata nito, hindi niya kayang makita ang galit sa mga mata ng kaharap.

“Alam kong gutom ka, kaya kumain ka na!”

Pagkasabi niyon ay tumalikod na ito para umalis. Nagsalita siya para pigilan ang lalaki. Sa pananamit at kilos nito ay alam niyang isa itong mandirigma.

“Hindi ako tanga para di ko malamang isa kang mandirigma, pero wala naman akong kasalanan para—”

“Ikaw wala, pero may isang taong malapit sa iyo ang may malaking kasalanan, Dra. Dela Fuente. Malas mo lang at ikaw ang naging anak niya,” matigas na sabi nito.

Naguluhan siya sa narinig. Sa isang iglap, naalala niya ang sinabi sa kanya ni Aling Igme, ngunit di dapat siya makaramdam ng takot.

“Paano mong nakilala ang papa ko?” tanong niya.

Ngumiti ito na para bang nang-iinsulto. “Alam mo, Doktora, ikaw na rin ang nagsabi na isa akong mandirigma, at ang isang mandirigmang katulad ko ay kalaban ng lipunan. Ngayon, paano kong hindi makikilala ang ama mo?” Naniningkit pa ang mga mata nito habang sinasabi ang mga salitang iyon.

Hindi niya alam kung nang-iinsulto ito o nang-iinis lamang, ngunit hindi siya padadaig dito.

“Ano’ng kasalanan ng ama ko sa ’yo?” matigas niyang usisa. Walang reaksyon na mababanaag sa kanyang mukha, gusto niyang malaman ang lahat dito.

“Malaki, Dra. Dela Fuente, at kulang pa ang kaluluwa niya bilang pambayad sa lahat ng iyon.” Matalim na tingin ang ipinukol nito sa kanya bago tumalikod.

Natakot ang dalaga sa narinig mula sa lalaki. Kahit nakikita at malakas ang pakiramdam niya na hindi naman ito mukhang masamang tao, natatakot pa rin siya sa maaaring mangyari sa kanya at sa ama niya.

Inabot niya ang backpack na nakita sa isang tabi; mabuti na lamang at hindi iyon naiwan sa batis. Binuksan niya ang bag upang tingnan kung naroon ang kanyang cell phone at napangiti siya nang makita iyon doon. Kinuha niya ang aparato, subalit nanlumo siya nang makitang low batt na iyon; hindi nga pala siya nakapag-charge bago umalis ng bahay ng barangay captain. At sa mga sandaling iyon, wala na siyang naiisip na paraan para makakontak sa mga taong nag-aalala sa kanya.

Nakatulog siyang may luha sa kanyang mga mata. Naalala niya ang ama; kaya pala gayon na

lang ang paalala nitong huwag siyang pumunta sa lugar na iyon, dahil hindi malayong may masamang mangyari sa kanya.

---

Malalim na ang gabi nang magising si Sandy. May maliit na gasera ang nakapatong sa mesang nandoon. Maalinsangan ang gabi, kaya naman mainit ang pakiramdam niya. Bumangon siya at inilibot niya ang paningin sa buong paligid ng kubong iyon. Nakita niya ang isang maliit na cabinet sa gilid ng mesang nandoon, tumayo siya para tingnan ito. Mga damit at gamit pambabae ang laman niyon, nagtataka siya kung sino ang nagmamay-ari ng mga iyon. Minabuti niyang lumabas para makapag-isip at makapagpahangin.

“Hindi ka ba makatulog?” anang boses-lalaki mula sa likuran.

“Ay, kabayo!” gulat na bulalas niya. Nanginig ang mga tuhod niya nang marinig ang boses nito. Mabuti na lamang at maliwanag ang buwan, kaya madali niya itong namukhaan.

“Papatayin mo ba ako, Mister? Bakit ba bigla ka na lang sumusulpot?” asik niya.

“Hindi ko alam na magugulatin ka pala, bakit

nandito ka sa labas?” walang reaksyong sabi nito.

Inis na inirapan niya ito. “Ano’ng pakialam mo?” galit na sabi niya.

“Alam mo kasi, marami ang nagsasabing may mga gumagala daw na mga aswang dito. Ayaw ko nga sanang maniwala, kaso pati ako’y naranasan ko na ring habulin ng aswang noong unang punta ko dito!” Pailing-iling pa ito na ipinapakita sa kaharap na totoo ang sinasabi nito.

Isang nakakairitang tawa ang pinakawalan ni Sandy.

“Tinatakot mo ba ako? Well, sorry, dahil hindi ako naniniwala sa mga nagsasabi ng ganyan, at mas lalong hindi ako naniniwala sa ’yo!” Diniinan pa niya ang huling dalawang salita.

“Alam ko namang hindi ka maniniwala, pinapaalalahanan lang kita. ’Wag mo akong sisisihin kung mabiktima ka.” Tumalikod na ito para umalis.

Nakaramdam siya ng panlalamig na siyang nakapagpatayo sa balahibo niya.

“Sinong baliw ang maniniwala sa ’yo? Akala niya siguro matatakot niya ako!” Pinalakas niya ang loob para labanan ang umuusbong na takot sa dibdib,

dahil na rin sa mga naririnig niyang tunog ng mga kuliglig at huni ng malilit na mga hayop, at ang pakiramdam na parang may mga matang nakatingin sa kanya.

“Ano ka ba naman, Sandy! Hindi totoo ang mga sinasabi ng lokong ’yon! Paano pang naging anak ka ng isang general kung matatakutin ka!” Pilit niyang nilabanan ang nararamdamang takot. “Mas mabuti na ang nag-iingat!” Iyon lamang at dali-dali na siyang pumasok ng kubo.

Lingid sa kaalaman ng dalaga, may mga matang nakatingin lamang sa kanya, at pinagmamasdan kung ano ang kanyang gagawin. Si Jeric iyon at ipinagdiriwang ang nakikitang takot sa mukha ng babaeng dinukot nito.

“Akala ko matapang ka, matatakutin ka rin pala!” bulong nito sa sarili. Hindi nito napigilan ang matawawang bahagya.